# Talaga ngang nagsabi ako matapos mag-iwan sa iyo ng apat na pangungusap nang tatlong ulit, na kung sakaling tinimbang ang mga ito sa sinabi mo magmula ngayong araw, talaga sanang nagmatimbang ang mga ito sa mga iyon

Ayon kay Juwayriyah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay lumabas mula sa piling nito isang umaga nang nagdasal siya sa madaling-araw habang ito naman ay nasa pinagpapatirapaan nito. Pagkatapos bumalik siya matapos na tinanghali siya habang ito ay nakaupo. kaya nagsabi siya: "Hindi ka naalis sa kalagayan na nag-iwan ako sa iyo roon?" Nagsabi ito: "Oo." Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Talaga ngang nagsabi ako matapos mag-iwan sa iyo ng apat na pangungusap nang tatlong ulit, na kung sakaling tinimbang ang mga ito sa sinabi mo magmula ngayong araw, talaga sanang nagmatimbang ang mga ito sa mga iyon: Subḥāna -llāhi wa-bi-ḥamdihi `adada khalqihi wa-riḍā nafsihi wa-zinata `arshihi wa-midāda kalimātihi. (Kaluwalhatian kay Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya ayon sa bilang ng nilikha Niya, ayon sa pagkalugod ng sarili Niya, ayon sa timbang ng Trono Niya, at ayon sa [dami ng] tinta [ng pagsulat] ng mga salita Niya.)"}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Lumabas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) mula sa piling ng maybahay niya, ang ina ng mga mananampalataya na si Juwayriyah (malugod si Allāh sa kanya), sa simula ng maghapon nang nagdasal siya sa madaling-araw habang ito naman ay nasa puwesto ng ṣalāh nito. Pagkatapos bumalik siya matapos na nangalahati ang maghapon sa oras ng kataasan ng araw habang ito naman ay hindi naalis sa pagkakaupo sa lugar nito. Kaya nagsabi siya: "Hindi ka naalis sa kalagayan na nag-iwan ako sa iyo roon?" Nagsabi ito: "Oo." Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Talaga ngang nagsabi ako matapos mag-iwan sa iyo ng apat na pangungusap at nag-ulit-ulit ng mga ito nang tatlong ulit, na kung sakaling ipinaghambing ang mga ito sa punto ng pabuya sa sinabi mo sa buong panahon na ikaw ay nakaupo, talaga sanang nagmatimbang ang mga ito sa mga iyon: "Kaluwalhatian kay Allāh" at pagpapawalang-kinalaman sa Kanya sa lahat ng mga kakulangan "at kalakip ng papuri sa Kanya" yayamang ukol sa Kanya ang marikit na pagbubunyi na nagpatnubay Siya dahil doon "ayon sa bilang ng nilikha Niya," na walang nakapag-iisa-isa sa kanila kundi Siya, "ayon sa pagkalugod ng sarili Niya," sa abot ng nagpapalugod sa Kanya sa sinumang nalugod Siya roon kabilang sa mga lingkod Niya, na

isang bagay na hindi natatalos, "ayon sa timbang ng Trono Niya," na siyang pinakadakila sa mga nilikha at pinakamabigat sa mga ito, at "ayon sa [dami ng] tinta [ng pagsulat] ng mga salita Niya" habang ang mga salita Niya ay hindi nalilimitahan at hindi nauubos. Ito ay sumasakop sa tatlong bahagi at sumasaklaw sa mga ito sapagkat tunay na ang tinta [ng pagsulat] ng mga salita Niya (kaluwalhatian sa Kanya) ay walang wakas para sa sukat niyon ni para sa katangian niyon ni para sa bilang niyon subalit ang tinutukoy ay ang pagpapalabis sa dami dahil iyon ay pagbanggit, una, ng isang hindi nakalilimita roon ang maraming bilang mula sa bilang ng nilikha. Pagkatapos umangat ito patungo sa higit na dakila kaysa roon at nagpahayag tungkol dito hinggil sa pagkalugod ng sarili Niya, pagkatapos ng timbang ng pinakadakila sa mga nilikha, ang Trono. Ang una ay para sa bilang at kantidad, ang ikalawa ay para sa katangian at kalidad, at ang ikatlo ay para sa kadakilaan at kabigatan.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5508

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee